



**Paunawa ng Suspensyon o Paghihigpit ng mga Panloob na Aktibidad**

**Nobyembre 16, 2020**


Ang San Francisco ay nakakaranas ng mabilis at makabuluhang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19. Ang pagtaas ng mga kaso ay nangangahulugan na ang panukat ng kalusugan ng San Francisco ay matugunan ang mga pamantayan na mailipat mula sa "dilaw" o minimal na antas ng kulay-coded na balangkas ng panganib ng Estado sa mas mahigpit na antas. Maliban kung kumilos ang San Francisco para pigilan ang pagtaas ng mga kaso, nanganganib ang San Francisco na malaglag sa mas mahigpit na kategorya. Alinsunod dito, ang Opisyal ng Kalusugan ay nagsuspendi o naghigpit sa ilang mga aktibidad na panloob. Kung ang pagtaas ng mga kaso ay magpatuloy, ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring, simula sa mga karagdagang panloob na aktibidad, pinalawak na paghihigpit o suspendihin ang iba pang mga gawain na kasalukuyang pinapayagan sa ilalim ng Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan C19-07 ay maaaring baguhin.

**Important Note:** Epektibo tulad ng nabanggit sa talahanayan sa ibaba, inutos ng Opisyal ng Kalusugan ang suspensyon o paghihigpit sa kapasidad ng mga aktibidad tulad ng makikita sa talahanayan sa ibaba. Ang suspensyon o paghihigpit na ito ay binabago ang anumang kaugnay na mga kautusan, direktiba, o patnubay. Lahat ng apektadong mga tao at entidad ay kinakailangan sumunod sa mga bagong limitasyon at dapat patuloy na subaybayan at sumunod sa lahat ng naaangkop na mga [Kautusan sa Kalusugan](#) at [Direktiba](#).

<b>Aktibidad at Binagong Kautusan o Direktiba</b>	<b>Apektadong mga Grupo</b>	<b>Epektibo ang pagbabago simula sa petsa sa itaas</b>
<p><b>Mga Pasilidad ng mga Opisina</b> Direktiba 2020-18</p>	<p>Hindi mahalagang mga opisina</p>	<p><b>PINAGHIGPITAN simula Martes, Nobyembre 17, 2020</b> Ang mga hindi mahalagang mga opisina ay maaaring magpatuloy ng <b>Pinakamababang Basikong Pag-oopera (Minimum Basic Operations)</b> tulad ng nakabalangkas sa Kautusan ng Kalusugan, kung hindi man suspendido.</p>
<p><b>Panloob na Gym / Fitness Centers</b> Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-31</p>	<p>Mga Gym Fitness Centers</p>	<p><b>PINAGHIGPITAN simula Martes, Nobyembre 17, 2020</b> <b>Kabuuang Limitadong Kapasidad ay nabawasan sa 10% o 50 katao, alinman ang mas kaunti. Ang kabuuang bilang ng mga tao kasama ang mga Tauhan at lahat ng iba pang tao sa pasilidad.</b></p>
<p><b>Panloob na Kainan</b> Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-16</p>	<p>Restawran Bar na may pagkain Shopping mall na may pagkain Hotels na may Restawran Museo, Zoo and Aquariumna may Restawran Gym na may pagkain Kapetirya ng mga Opisina</p>	<p><b>SUSPENDIDO simula Linggo, Nobyembre 14, 2020</b> <b>Walang pinapayagan ng Panloob na Kainan. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa.</b></p>



<p><b>Panloob na Sinehan</b></p> <p>Kautusan C19-07 Apendiks C1 Direktiba 2020-35</p>	<p>Sinehan</p>	<p><b>PINAGHIGPITAN simula Linggo, Nobyembre 14, 2020</b></p> <p>Para sa mga complex ng panloob na sinehan na may maramihang mga indibidwal na mga teatro, ang kapasidad para sa buong complex ay limitado sa 25%, at ang limitasyon para sa bawat indibidwal na teatro o auditorium ay 50 katao. Ang kabuuang bilang ng mga tao kasama ang mga Tauhan at lahat ng iba pang tao sa pasilidad.</p>
---	----------------	---



## Pansamantalang Gabay: Mga Indoor na Sinehan

Oktubre 7, 2020

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco para gamitin ng mga operator ng Indoor na Sinehan at kanilang Mga Tauhan at ipo-post ito sa <http://www.sfdcp.org/businesses>.

Puwedeng magbago ang gabay na ito habang naa-update ang impormasyon. Inilalarawan ang mga terminong nakasulat ang unang letra sa malaking letra sa Health Officer Directive 2020-35 (Direktiba 2020-35 ng Opisyal sa Kalusugan) na naka-post sa <http://www.sfdph.org/directives> at Health Officer Order C19-07j (Utos C19-07j ng Opisyal sa Kalusugan) (ang Utos na Manatili sa Bahay) at Health Officer Order C19-12c (Utos C19-12c ng Opisyal sa Kalusugan) (ang Utos tungkol sa Pantakip sa Mukha) na naka-post sa <https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp> dahil maaaring susugin o i-update ang mga ito.


**AUDIENCE:** Mga Operator, Tauhan, at customer ng Mga Indoor na Sinehan.

**BACKGROUND:** Pinapayagan ang Mga Indoor na Sinehan na magbukas sa loob ng gusali nang limitado at may mga binagong operasyon. Maaaring magbukas ang Mga Indoor na Sinehan nang hanggang sa MAXIMUM na 25% kapasidad, na may maximum na 100 dadalo kada sinehan, hindi kasama ang Tauhan. Kinakailangang sundin ng Mga Indoor na Sinehan ang mga alituntuning ito at dapat subaybayan ng mga ito ang mga Utos at Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan para sa mga update, pagbabago, o pagsusog.

**Sa pangkalahatan, may mas matataas na panganib sa COVID-19 ang mga indoor na aktibidad. Mangyaring tingnan ang Panganib Kapag Nasa Loob ng Gusali sa Panahon ng COVID-19 Pandemic, sa ibaba, para sa impormasyon tungkol sa mga panganib kapag nasa loob ng gusali.**

### MAHAHALAGANG PUNTO

- Hindi dapat lumampas ang bilang ng mga taong nasa loob ng Indoor na Sinehan sa 25% ng kapasidad ng sinehan na iyon hanggang sa maximum na 100 dadalo, hindi kasama ang Tauhan. Kung maraming indibidwal na sinehan ang isang movie theater complex, nalalapat ang 25% limitasyon sa kapasidad sa complex sa kabuuan at sa bawat indibidwal na sinehan, at nalalapat ang 100 taong maximum sa bawat indibidwal na sinehan.
- Dapat magpanatili ang mga tauhan at customer ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa mga tao na hindi bahagi ng kanilang Sambahayan sa lahat ng oras.
- Mandatory ang pagsusuot ng Mga Pantakip sa Mukha sa lahat ng oras.
- Dapat ay manatiling sarado ang mga kainan sa ngayon. Hindi pinapayagang ipasok at kainin sa loob ng sinehan ang mga pagkain at inumin kahit na binili ang mga ito sa labas ng sinehan. Ipinagbabawal ang pagkain at pag-inom para tiyaking tuloy-tuloy ang pagsusuot ng Pantakip sa Mukha.
- Panatiliing malinis ang espasyo gamit ang mga pinahusay na pamamaraan sa pag-disinfect at pag-sanitize gaya ng inilalarawan sa gabay na ito.




## PANGUNAHING PAG-IWAS SA COVID-19

- **Hugasan nang madalas ang inyong mga kamay gamit ang sabon at tubig.** Kung walang magagamit na sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol o 70% isopropanol.
- **Iwasan ang Malapitang Pakikisalamuha.** Sa abot ng makakaya, magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang social distancing sa pagitan ninyo at ng ibang taong hindi nakatira sa inyong Sambahayan.
- **Magsuot ng Pantakip sa Mukha.** Takpan ang inyong bibig at ilong ng Pantakip sa Mukha kapag nasa pampublikong lugar at kapag nasa paligid ng ibang taong hindi nakatira sa inyong Sambahayan.
- Regular na **linisin at i-disinfect** ang mga surface na madalas hawakan.
- **Obserbahan ang Inyong Kalusugan Araw-araw.** Maging alerto para sa mga sintomas tulad ng lagnat, ubo, pangangapos ng hininga, o iba pang sintomas. Kung nakakaranas kayo ng alinman sa mga sintomas na ito, manatili sa bahay.

**Mahalaga ang mga bakuna para sa trangkaso sa laban kontra COVID-19 sa pamamagitan ng (1) pagpapanatiling malusog ng mga Tauhan at komunidad at (2) pagbabawas sa peligro sa ating mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan at pagsusuring tumutugon sa COVID-19. **Lubos na hikayatin ang lahat ng Tauhang magpabakuna.** Magpaskil ng [karatula](#) para hikayatin ang pagpapabakuna para sa trangkaso sa mga customer, bisita, atbp.**

## PAGPAPLANO

- Punan ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (tingnan ang Exhibit B sa ibaba) na nagbabalangkas sa gagawin ng pasilidad para maipatupad ang mga iniaatas sa gabay na ito at ang anumang nauugnay na Direktiba o Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan. Ibahagi ang planong ito sa mga Tauhan, customer, at iba pang miyembro ng pasilidad.
- Gumawa ng plano para mapamahalaan ang pagkilos ng customer sa buong pasilidad para mapangasiwaan ang pag-screen sa customer at tiyakin ang pagsunod sa mga iniaatas sa physical distancing sa lahat ng oras.
- Ipaskil ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan online at sa isang madaling makitang lokasyon sa mismong site para sa mga Tauhan at customer.
- Ihanda at ipaskil ang Protokol sa Social Distancing (tingnan ang Appendix A ng Stay-Safer-At-Home Order (Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay), na naka-post sa <http://www.sfdph.org/healthorders>).
- Dapat ay maging handa ang lahat ng lugar ng negosyo kasama ang Mga Indoor na Sinehan na tulungan ang mga awtoridad sa pampublikong kalusugan sa mga potensyal na pagsusumikap sa contract tracing. Panatilihin ang mga iskedyul ng lahat ng Tauhan sa Indoor na Sinehan. Isaalang-alang ang pagtatabi ng impormasyon ng credit card ng inyong mga customer para sa mga layunin ng contract tracing. Dapat ay hindi na gamitin ang anumang listahang itinabi para sa mga layuning contract tracing pagkatapos ng tatlong linggo. Kung magpopositibo ang mga Tauhan o customer sa COVID-19, dapat tulungan ng lugar ng negosyo ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan na tukuyin ang iba pang Kalahok na maaaring nalantad para makatulong na maiwasan ang higit pang paglaganap ng COVID-19.



## MGA IPINAG-AATAS NA MANDATORYONG KARATULA

- Ipaskil ang stand-alone na karatula sa kapansin-pansing lugar sa mga pangunahing pampublikong pasukan sa pasilidad kung saan isinasaad na naipapasa ang COVID-19 sa pamamagitan ng hangin, mas mataas ang panganib nito kapag nasa loob ng gusali, at dapat isaalang-alang ng mga nakatatanda at ng mga may panganib sa kalusugan na iwasan ang mga lugar sa loob ng gusali kung saan maraming tao. Dapat ding ipaskil ang impormasyong ito sa website ng Indoor na Sinehan at mga webpage ng pagpapareserba ng ticket.
- Magpakita ng hanay ng malilinao na nakikitang panuntunan para sa mga customer at Tauhan sa pasukan na magiging kondisyon para makapasok. Dapat kasama sa mga panuntunan ang mga tagubilin sa pagsusuot ng mga pantakip sa mukha, paghuhugas ng mga kamay o paggamit ng hand sanitizer, pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya, pag-iwas sa hindi kinakailangang paghawak sa mga surface, gabay sa pagpasok at paglabas sa sinehan, pagbabawal sa pagkain at pag-inom, atbp. Kapag posible, dapat ding gawing available online at makita sa mga website ng pagbebenta ng ticket ang mga panuntunang ito.
- Ipaskil ang karatula sa kapansin-pansing lugar para ipaalala sa mga customer na ipinagbabawal ang pagkain o pag-inom sa mismong site (kasama ang pagkaing binili sa labas) dahil sa panganib na nauugnay sa pag-aalis ng Pantakip sa Mukha kapag kumakain o umiinom.
- Isama ang katulad na impormasyon sa mga anunsyo, sa audio at visual, para sa preview reel na nagbibigay ng gabay sa kaligtasan laban sa COVID-19 para sa mga customer ng sinehan.
- Gumawa ang Lungsod ng online na [Outreach Toolkit para sa Corona Virus \(COVID-19\)](#) na may mga napi-print na resource kasama ang marami sa mga karatula na iniaatas sa dokumentong ito. Kasama rito ang karatula tungkol sa wastong hygiene, social distancing, Mga Pantakip sa Mukha, pag-screen sa kalusugan, ang mga panganib ng indoor na transmission, pagpapasuri at pagpapabakuna para sa trangkaso. <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>


## PAG-SET UP NG ESPASYO

- Dapat isaayos ang mga pila para sa ticket at ticket vending machine para matiyak na mapapanatili ang physical distancing na hindi bababa sa anim na talampakan sa lahat ng oras. Isaalang-alang ang paglilipat sa mga ticket machine o paggamit ng tape, mga sticker, karatula, o harang para matiyak na natutugunan ang mga iniaatas sa physical distancing habang naglalakad-lakad ang mga customer at Tauhan sa pasilidad.
- Maghandang bawasan ang pakikisalamuha ng mga customer at Tauhan sa isa't isa. Gumamit ng mga sistema ng prepaid na ticketing o contactless na pagbabayad kapag posible. Gumamit ng salamin o plexiglass na bintana para ihiwalay ang Tauhan sa mga customer sa ticket window. Hindi pamalit ang plexiglass o iba pang harang sa anim na talampakang distancing at dapat magpanatili ang sinumang Tauhang nasa likod ng Plexiglass ng hindi bababa sa anim na talampakang pisikal na distansya mula sa ibang tao.
- Gawing available ang hand sanitizer sa mga lugar na maraming tao tulad ng mga pasukan, labasan, at malapit sa mga elevator at banyo. Dapat maglagay ng mga touch-free dispenser ng hand sanitizer kung saan posible.
- Maghandang pamahalaan ang daloy ng mga customer papasok sa sinehan para pangasiwaan ang pag-screen sa kalusugan at subaybayan ang mga antas ng kapasidad, pagsunod sa pagsusuot



ng Pantakip sa Mukha, at wastong physical distancing. Gumawa ng mga pathway gamit ang tape, karatula, o mga pisikal na harang para mahikayat ang physical distancing at paglalakad sa iisang direksyon lang, lalo na sa masisikip na aisle at hallway. Gumamit ng mga visual clue gaya ng mga karatula o marka sa sahig sa mga lokasyon kung saan magkakaroon ng mga pila, tulad ng mga banyo at pasukan ng sinehan.

- Gumamit ng mga alternatibong labasan kapag posible para hindi na kailanganin ng mga customer na bumalik sa lobby.
- Isara ang lahat ng common area kung saan maaaring magtipon-tipon ang mga tao at hindi kinakailangan para makapasok sa sinehan. Alisin o harangan ang lahat ng muwebles o atraksyon sa mga lobby, lounge, panlibangang espasyo, o arcade na hindi magagamit sa ngayon.
- Alisin, tanggalin ang laman, o harangan ang lahat ng vending machine ng pagkain at inumin, kasama ang mga water fountain. Kung may hiwalay na kainan o bar space ang Indoor na Sinehan, hindi ito maaaring patakbuhan sa ngayon.
- Sa mga banyo, i-maximize ang bentilasyon at bawasan ang pagkukumpulan ng tao at paghawak sa mga surface na ginagamit ng lahat sa pamamagitan ng, halimbawa, pagpapanatiling nakabukas ng mga pinto, paglalagay ng pagitan sa bawat nagagamit na lababo, stall, urinal, at pagpapaskil ng karatula na nagpapakita sa maximum na kapasidad ng mga banyo na may mga lugar kung saan pipila na malinaw ang marka at may sapat na distansya.
- Magsagawa ng mga hakbang para maiwasan ang pagtitipon-tipon sa mga kulob na espasyo, gaya ng mga hallway at hagdanan.
- Gawing salitan ang mga mauupuang hanay ng upuan sa loob ng sinehan alinsunod sa plano ng pagpapareserba ng sinehan at mga iniaatas sa physical distancing.
- Dapat limitahan ang paggamit ng mga break room ng Mga Tauhan. Baguhin ang pagsasaayos sa mga espasyong ito para mahikayat ang social distancing. Dahil hindi maaaring isuot ang Mga Pantakip sa Mukha habang kumakain/umiinom, limitahan ang bilang ng Mga Tauhan sa breakroom sa bawat pagkakataon para matiyak na mapapanatili ang distancing. Linisin ang mga countertop at lamesa sa pagitan ng mga paggamit.
- Baguhin o limitahan ang paggamit o limitahan ang bilang ng mga lugar ng trabaho at lugar na inuupuan ng empleyado para mapanatiling may hindi bababa sa anim na talampakang layo ang mga indibidwal sa lahat ng direksyon (hal., kapag magkakatabi at kapag magkakaharap) at hindi sila naghahati sa mga lugar ng trabaho nang hindi nililinis at dini-disinfect ang mga ito sa pagitan ng bawat paggamit. Kapag hindi posible ang distancing sa mga lugar ng trabaho, magbigay ng at iatas ang paggamit ng Mga Pantakip sa Mukha o pisikal na harang tulad ng mga plastic na shielding wall sa mga lugar kung saan hindi makakaapekto ang mga ito sa daloy ng hangin.
- Tingnan kung may pamumutiktik o pamumugad ng peste, at tiyaking gumagana ang lahat ng pag-iingat para sa pagkontrol ng peste.
- Kung matagal na nagsara ang inyong negosyo, alisin ang naipong tubig sa mga plumbing line sa pamamagitan ng pagpapadaloy ng tubig sa mga fixture. Makikita ang detalyadong gabay sa: <https://www.sfwater.org/flushingguidance>



## PAMAMAHALA SA PANGANIB SA MGA PAGTITIPON-TIPON SA SINEHAN

- Magpalabas lang ng mga pelikula o naka-record o live na performance sa screen. Hindi pinapayagan ang mga live o personal na performance na bukas sa publiko sa ngayon.
- Dapat mabibili online o sa pamamagitan ng telepono ang mga ticket kapag posible para mabawasan ang pangangailangan na pumila para sa mga ticket.
- Dapat iwasan ang mga papel na ticket. Kung gagamit ng mga papel na ticket, dapat magsuot ng naaangkop na personal na pamprotektang kagamitan (Pantakip ng Mukha) at mga disposable na guwantes ang tauhang mangongolekta ng mga ito. Dapat ugaliin ang paglilinis sa kamay pagkatapos hubarin ang mga guwantes.
- Dapat nakatalaga ang mga upuan ng lahat ng customer bago pumasok sa sinehan. Dapat ay may numero ang mga upuan sa bawat sinehan. Dapat gumamit ang Mga Tauhan ng sinehan ng chart ng pagpapareserba o upuan (elektroniko o papel) para italaga ang mga upuan. Dapat isaayos ang upuan para matiyak na mapapanatili ng mga customer ang hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa lahat ng direksyon mula sa mga customer na hindi bahagi ng kanilang Sambahayan. Sa ganitong pagsasaayos, maaaring kailanganing ihiwalay ang bawat tao o Sambahayan sa isang sinehan sa pamamagitan ng paglalaan ng maraming upuan na bawal gamitin sa magkabilang bahagi at mga upuan na bawal gamitin sa harapan at likuran. Dapat tulungan ng mga tauhan ang mga customer sa paghahanap ng kanilang mga upuan at tulungan sila sa pagpapanatili ng social distancing kapag pumapasok at lumalabas sa sinehan.
- Atasan ang mga customer na manatili sa kanilang mga nakatalagang upuan hanggang sa matapos ang pelikula maliban kung gagamit ng banyo. Tiyaking hindi gagamit ang mga customer ng iba pang upuan bukod sa itinalaga sa kanila.
- Limitado ang bawat sinehan sa 25% ng kapasidad nito hanggang sa maximum na 100 customer. Kung maraming sinehan ang ginagamit sa loob ng iisang complex, nalalapat ang 25% limitasyon na kapasidad sa buong complex at sa bawat sinehan, at nalalapat ang maximum na 100 customer sa bawat indibidwal na sinehan. Nalalapat ang 100 tao na limitasyon sa mga customer ng sinehan at hindi kasama rito ang Mga Tauhan. Ang bilang ng Mga Tauhang nasa isang sinehan ay dapat panatilihin sa minimum na bilang na kinakailangan para maisagawa ang mga responsibilidad ng Indoor na Sinehan ayon sa gabay na ito o para sa mga layunin ng kaligtasan.
- Limitahan sa hindi hihigit sa 10 tao ang bawat grupo ng Sambahayan.
- Limitahan ang tagal ng pagpapalabas kapag makatuwiran. Huwag magpalabas ng mga double feature sa ngayon. Pagbawalan ang mga customer sa pagbili ng mga ticket para sa maraming palabas sa iisang araw.
- Para mabawasan ang oras na ginugol sa loob at maiwasan ang hindi kinakailangang pagpila, atasan ang mga customer na dumating nang hindi lalampas sa 30 minuto bago ang mga oras ng palabas at gumawa ng mga probisyon para sa mga indibidwal na may mga isyu sa mobility.
- Magtalaga ng Mga Tauhan para pangasiwaan ang physical distancing at pagpila ng mga customer bago pumasok sa sinehan, sa loob ng mga lobby, at sa mga washroom. Kung lalabas ang mga customer sa lobby, paliitin ang bilang ng mga tao sa lobby sa pamamagitan ng pag-iiba-iba sa mga oras ng pagsisimula, at ilayo sila sa mga paparating na customer para sa iba pang screening.
- Iwasan ang pagkukumpulan at pagsasama-sama ng mga customer sa mga lobby, hallway, common area, at banyo. Maliban kung kinakailangan para sa pagpila bago ang pelikula,



pagbawalan ang mga customer na magtipon-tipon bago at pagkatapos ng mga oras ng palabas. Kung maraming sinehan ang ginagamit sa loob ng iisang complex, dapat pag-iba-ibahin o limitahan ang mga oras ng screening para hindi magamit nang magkasabay ng dalawang grupo ng mga customer ang mga common area para pumasok o lumabas sa sinehan. Dapat bumuo ang Mga Indoor na Sinehan ng plano para sa pag-iiba-iba sa mga oras ng palabas at pagkontrol sa mga nilalakaran ng customer para iwasan ang pagkukumpulan sa mga common area.

- Magtalaga ng Mga Tauhan para subaybayan ang mga sinehan para matiyak na napapanatili ng mga customer ng sinehan ang physical distancing mula sa ibang tao, hindi sila kumakain o umiinom at nakasuot sila ng mga pantakip sa mukha, at nananatili sila sa kanilang mga nakatalagang upuan hanggang sa matapos ang palabas. Ipaalala sa mga customer na bawasan ang pagsasalita sa sinehan at huwag magsalita nang malakas.
- Limitahan ang bilang ng mga customer na gumagamit ng elevator sa apat, o kung posible, sa mga miyembro lang ng iisang Sambahayan.
- Ipaalala sa mga customer na lumabas sa sinehan nang isang hanay sa bawat pagkakataon at magpanatili ng physical distancing habang lumalabas. Kapag posible, atasan ang mga customer na umalis sa pamamagitan ng mga alternatibong labasan pagkatapos ng kanilang palabas o tuluyang iwasang bumalik sa lobby.
- Pag-isipang magtalaga ng mga partikular na oras ng palabas para sa mga taong nasa malaking panganib (mga lampas 50 taong gulang o may mga chronic na kondisyon sa kalusugan).

## PROTEKTAHAN ANG MGA TAUHAN

### I-coordinate ang Inyong Mga Pagsisikap


**Magtalaga ng Tagasubaybay sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho para sa COVID-19**, na maaaring magsilbi bilang tagapag-ugnay na tauhan, at magiging natatanging taong makakaugnayan para sa Mga Tauhan sa bawat site para sa mga tanong o alalahanin tungkol sa mga kagawian, protokol, o posibleng pagkakalantad. Magsisilbi ring tagapag-ugnay sa SFDPH ang taong ito. Dapat sanayin ng tagapag-ugnay ang mga tauhan na abisuhan ang mga customer, kung kinakailangan, na itatanggi ng Indoor na Sinehan ang serbisyo sa customer kung hindi siya nakakasunod sa mga kinakailangan sa kaligtasan.

### I-screen ang Mga Tauhan at Hiyakatin ang Pagpapasuri

**Magsagawa ng pagsusuri sa kalagayan para sa lahat (mga empleyado, vendor, at tauhan sa delivery) bago sila pumasok sa pasilidad.** Makikita ang mga tagubilin sa pag-screen para sa Mga Tauhan sa [www.sfdcp.org/screening-handout](http://www.sfdcp.org/screening-handout). **Hindi dapat payagang pumasok sa pasilidad ng mga establisimiyento ang mga taong sasagot ng oo** sa alinman sa mga tanong sa form sa itaas.

- Hikayatin ang pagpapasuri para sa COVID-19. Hindi alam ng maraming taong may COVID-19 na may sakit sila dahil wala silang mga sintomas, ngunit maaari pa rin nilang mahawahan ang iba. Available ang pagpapasuri para sa COVID-19 sa San Francisco. Ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa San Francisco ay INAATASANG suriin ang sinumang may mga sintomas ng COVID-19 (tingnan ang [sfdcp.org/covid19symptoms](http://sfdcp.org/covid19symptoms)). Kung gusto ninyong magpasuri kahit na wala kayong mga sintomas, ang mga tagapagbigay ng insurance sa kalusugan sa California ay INAATASANG magbayad para sa pagpapasuri para sa mga essential na Tauhan kabilang ang Mga Tauhan sa Indoor na Sinehan. Kung pipiliin ninyong magpasuri kahit na wala kayong mga sintomas, huwag






magpapasuri nang mas madalas sa isang beses kada dalawang linggo. Kung wala kayong insurance, maaari kayong magpapasuri sa CityTestSF (<https://sf.gov/citytestsf>).

- Kung masama ang pakiramdam ninyo dahil sa sipon o mga sintomas na katulad sa trangkaso, DAPAT kayong magpapasuri para sa COVID-19 at magkaroon ng resultang negatibo sa sakit bago pahintulatang bumalik sa trabaho (tingnan ang <https://sfcdcp.org/screen> at <https://sfcdcp.org/rtw>). Kung masama ang pakiramdam ninyo, magpapasuri at HUWAG pumasok sa isang negosyo o organisasyon maliban kung para sa mga pangunahing mahahalagang pangangailangan (tulad ng pagkain, pabahay, pangangalagang pangkalusugan, atbp.) na hindi ninyo makukuha sa anupamang paraan.
- Gawin ang lahat ng posibleng hakbang para maiwasan ang pagkakasakit. Magsuot ng Pantakip sa Mukha, ugaliin ang maayos na kalinisan ng kamay, manatiling may sapat na pisikal na distansya sa iba (hindi bababa sa anim na talampakan).

### Sanayin ang Mga Tauhan

Tiyakin na sumailalim sa pagsasanay ang lahat ng Tauhan sa mga sumusunod na protokol:

- Plano sa Kalusugan at Kaligtasan, Social Distancing, at Mga Protokol sa Pag-screen+ Magbahagi ng impormasyon tungkol sa [COVID-19](#), [kung paano maiiwasan ang pagkalat nito](#), at kung aling [mga kondisyon sa kalusugan](#) ang maaaring nagdudulot sa mga indibidwal na madaling mahawaan ng virus.
- Paano subaybayan ang social distancing at mag-alok ng mahinahong paalala sa mga customer na magpanatili ng sapat na distansya sa isa't isa, at magsuot ng Mga Pantakip sa Mukha. Dapat magpanatili ang mga customer ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya kung hindi sila magkakasama sa iisang Sambahayan habang naghihintay sila sa pila, para makaupo, o para gumamit ng banyo.
- Angkop na personal na pamprotektang kagamitan, kabilang ang wastong paraan ng pagsusuot ng Mga Pantakip sa Mukha at paggamit ng mga pamprotektang guwantes.
- Mga pamamaraan sa paglilinis at pag-disinfect, at ang kahalagahan ng pag-disinfect sa mga surface na madalas hawakan. Tingnan ang [Gabay ng DPH sa paglilinis](#).
- Dapat bumuo ang Indoor na Sinehan ng mga protokol para pangasiwaan ang mga hindi susunod na customer, at dapat makatanggap ng pagsasanay tungkol sa protokol na ito ang lahat ng empleyado na makikisalamuha sa mga customer.
- Ang sick leave na mula sa employer o sino-sponsor ng pamahalaan at iba pang benepisyo na posibleng may karapatan ang Tauhan na matanggap na mas magpapadali sa kanyang manatili sa bahay sa pinansyal na paraan (tingnan ang Bayad na sick leave sa San Francisco). Tandaang hindi puwedeng tanggalin sa trabaho ang Mga Tauhan dahil sa mga resulta ng COVID-19 o dahil kailangan nila ng panahon para magpagaling.




## Mga Pag-screen sa Kalusugan ng Mga Customer

- Dapat i-screen ng Mga Indoor na Sinehan ang lahat ng customer pagkapasok sa pamamagitan ng pagtatanong tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 at pagkakatamad sa COVID-19. Dapat itanong ng mga sinehan ang mga ito at ipaabot ang impormasyong makikita sa: <https://www.sfcddcp.org/screeningvisitors>. Hindi dapat payagang pumasok sa Mga Indoor na Sinehan ang mga taong sasagot ng oo sa alinman sa mga tanong sa form sa itaas.
- Dapat magbigay ng kopya ng naaangkop na Handout ng Pag-screen sa sinumang hihiling nito. Maaaring gumamit ang Mga Indoor na Sinehan ng poster o iba pang malaking format na bersyon ng Mga Handout ng Pag-screen para suriin ang mga tanong na sasabihin sa kanila.

## PAG-DISINFECT

- Dapat i-disinfect ang mga sinehan at bawat upuang nagamit sa pagitan ng mga screening ng pelikula at bago payagan ang susunod na grupo ng mga customer na pumasok sa sinehan. Maaaring gamitin ang mga mapa ng upuan ng mga customer pagkatapos ng screening para makatulong na i-target ang aktibidad na ito. Kakailanganin ng pinaigting na paglilinis na ito ng mas mahabang oras sa pagitan ng mga screening. Isaalang-alang ang paggamit ng mga disposable o nalalabhang pantakip sa upuan sa pagitan ng bawat user, partikular na sa mga porous na surface (halimbawa, takip ng upuan na may cushion na gawa sa fabric) na hindi madaling linisan nang maigi.
- Magsagawa ng masinop na paglilinis sa mga lugar na maraming tao gaya ng mga waiting area at lobby, break room ng Mga Tauhan, atbp., at mga pasukan at labasan, kasama ang mga hagdan at elevator bank. I-disinfect nang madalas ang mga surface na madalas hawakan, kasama ang mga counter, credit card machine, touchscreen, button, doorknob, armrest, banyo, pasilidad sa paglilinis ng kamay, atbp.
- Dapat i-disinfect ang mga lugar na madalas hawakan (kasama ang mga surface na madalas hawakan sa mga banyo) nang tinatayang isang beses kada oras sa isang nakaplanong iskedyul at dapat itong subaybayan ng pamunuan para matiyak ang pagsunod. I-disinfect nang madalas ang mga banyo kahit kada apat na oras (bukod pa ito sa paglilinis sa mga surface na madalas hawakan sa mga banyo kada oras). Ipaskil ang checklist sa kapansin-pansing lugar sa loob ng banyo na malinaw na nagdedetalye sa mga petsa at oras kung kailan huling nalinis, na-disinfect, o na-restock ang silid.
- Paano ang tamang pag-disinfect sa mga surface:
  - **Basahin at sundin ang mga tagubilin sa label ng produkto para sa mga kinakailangang pamprotektang kagamitan.** Kadalasang kinakailangan ang mga guwantes para protektahan ang mga gumagamit. Hindi bihira ang mga mahabang manggas at pamprotekta sa mata.
  - **Maglinis muna, at pagkatapos ay mag-disinfect.** Hindi gumagana nang mabuti ang mga disinfectant sa mga may mantsa o maruming surface. Tingnan ang Gabay sa Paglilinis ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SF DPH).
  - **Gumamit ng tamang produkto.** Pumili ng rehistrado sa Ahensya ng Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) na mga disinfectant na aprubado para



sa COVID-19. Humanap ng kumpletong listahan ng mga aprubadong produkto sa <https://cfpub.epa.gov/giwiz/disinfectants/index.cfm>; maaari mo ring tingnan ang website sa Kapaligiran ng SF para sa mga produktong may mas mababang panganib.

- **Kung gagamit ng mga concentrate, sundin ang mga panuto sa pag-dilute at magsuot ng pamprotekta sa mata at mga guwantes.** Sundin ang mga panuto sa label para sa mga produkto na kailangang i-dilute. Sukatin, sa halip na tantiyahin ang concentrate at tubig; ang ilang supplier ay mayroong "May Mtrong Sistema ng Pag-dispense" na ginagawang awtomatiko ang proseso ng pagsukat. Huwag kalimutan na malinaw na lagyan ng label ang lahat ng mga lalagyan na may mga naka-dilute na produkto.
- **Hindi napapahusay ng paggamit ng labis na produkto ang performance nito at maaaring makagawa ng mga panganib sa gumagamit at iba na maaaring madikit sa mga surface na nilagyan ng disinfectant.** Kapag gumagamit ng chlorine bleach, mangyaring tandaan na nagtakda ang Mga Center ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) ng ibang concentration ng bleach para sa COVID-19 (Limang Kutsara kada galon ng tubig o apat na kutsarita kada quart ng tubig) kumpara sa ginagamit para sa ibang layunin.
- **Huwag itong punasan agad.** Ang mga disinfectant na aprubado ng EPA ay nangangailangan ng minimum na oras ng paglapat para maging mabisa laban sa human coronavirus, at dapat hayaan ang disinfectant sa surface sa loob ng tagal ng oras na ito bago punasan.
- Dapat sundin ang mga tagubilin ng manufacturer para sa sensitibong elektronikong kagamitan (hal., mga ticket machine, projector)
- Kung kinakailangan ng mga Tauhan na gumamit ng kagamitan gaya ng mga radio, headset, earpiece, dapat italaga ang mga ito sa isang partikular na indibidwal at hindi paghatian. Kung hindi maiiwasan ang paghahati sa kagamitang ito, dapat bumuo ng mga protokol ang operator ng sinehan para matiyak na malilinis ang mga ito sa pagitan ng bawat paggamit alinsunod sa mga iminumungkahing tagubilin sa paglilinis ng manufacturer.
- Kung ipapamahagi ang mga item sa mga customer, gaya ng 3D glasses, dapat ay pang-isahang gamit lang ang mga ito o dapat magpatupad ng mga protokol para matiyak ang pag-disinfect sa pagitan ng mga paggamit.
- Dapat i-disinfect nang mabuti ang mga assisted audio device sa pagitan ng mga paggamit alinsunod sa mga iminumungkahing tagubilin sa paglilinis ng manufacturer.

## BENTILASYON

Gawin ang anumang kinakailangang pagpapahusay sa bentilasyon ng establisimyento, kabilang ang:

- Mga HVAC system (heating, ventilation, and air conditioning system) (kung mayroon)
  - Tiyaking sinusuri at gumagana nang maayos ang mga HVAC system.
  - Suriin ang mga posibilidad ng pag-upgrade sa mga filter sa hangin sa pinakamabisa na posible.
  - Pataasin ang porsiyento ng hangin mula sa labas sa pamamagitan ng HVAC system, pag-adjust o pag-override sa mga damper para sa muling pagpapaikot ng hangin ("economizer").



- I-disable ang mga kontrol sa bentilasyon na nakabatay sa demand, na nagbabawas ng supply ng hangin batay sa temperatura o dami ng tao.
- Pag-isipang patakbuhan ang sistema ng bentilasyon ng gusali kahit walang tao para masulit ang bentilasyon. Bilang minimum, i-reset ang sistema ng bentilasyon na pinapatakbo ng timer para magsimulang tumakbo ang mga iyon isa hanggang dalawang oras bago buksan ang gusali at dalawa hanggang tatlong oras pagkatapos isara ang gusali.
- Dagdagan ang natural na bentilasyon sa pamamagitan ng pagbukas ng mga bintana at pintuan kapag pinapahintulutan ng mga kondisyon sa kapaligiran at kinakailangan ng gusali.
- Isaalang-alang ang pag-install ng mga portable na air cleaner (mga high-efficiency particulate air filter o “HEPA filter”).
- Kung gumagamit ang establisimyento ng mga nakatayong bentilador o bentilador na nakakabit sa pader, isaayos ang direksyon ng mga bentilador para mabawasan ang pag-hip ng hangin mula sa espasyo ng isang indibidwal papunta sa ibang tao.

Para sa higit pang impormasyon at mga karagdagang resource, pakitingnan ang sumusunod: Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH): <https://www.sfdcp.org/COVID-ventilation>.

## Panganib Kapag Nasa Loob ng Gusali sa Panahon ng COVID-19 Pandemic

Sumasang-ayon ang mga siyentipiko na sa pangkalahatan, **mas malaki** ang posibilidad na magkahawahan ng COVID-19 kapag nasa loob ng mga gusali kaysa kapag nasa labas. Isaalang-alang ang mas malaking panganib nito para sa iyo at sa iyong komunidad bago ka makibahagi sa mga indoor na aktibidad.

### Paano Kumakalat ang Covid-19?

Ang COVID-19 ay naipapasa sa pagitan ng mga tao at nangyayari sa ilan sa mga sumusunod na sitwasyon:

- May malalaking droplet mula sa pag-ubo at pagbahing na direktang napupunta sa mukha, ilong, mga mata, o bibig ng isang tao sa malapit, na karaniwang may layong wala pang 6 na talampakan. Kung minsan, tinatawag na “ballistic droplet” ang mga nasabing droplet dahil ang mga ito ay nagta-travel sa mga tuwid na linya at napapailalim sa puwersa ng gravity. O KAYA,
- May maliliit na droplet at particle kapag humihinga, nagsasalita, kumakanta, umuubo, o bumabahing ang isang tao. Puwedeng pansamantalang manatili sa hangin at/o mag-travel nang mahigit sa 6 na talampakan sa mga indoor na current ng hangin ang maliliit na droplet at particle na ito. Puwedeng malanghap ng ibang tao ang nasabing maliliit na droplet at particle kahit mahigit sa anim na talampakan ang layo nila. Kung minsan, tinatawag na “aerosol” o “bioaerosol” ang mga droplet na ito. O KAYA,
- May nahahawakang kontaminadong surface ang isang tao at pagkatapos ay humahawak siya sa isang mucus membrane gaya ng kanyang ilong, mga mata, o bibig. Kung minsan, tinatawag na “fomite” ang mga kontaminadong surface.

Ang COVID-19 ay puwedeng mag-travel nang mahigit sa 6 na talampakan sa hangin at naiipon indoors.



Sa pangkalahatan, kung posible, piliin ang mga outdoor na aktibidad kaysa sa mga indoor na aktibidad, at kung may kailangan kang puntahan indoors, limitahan ang oras mo indoors kung hindi bahagi ng iyong sambahayan ang mga taong kasama mo. Umiwas sa mga kulob na espasyo kung saan siksikan ang mga tao at hindi maganda ang bentilasyon.

Makikita ang Guidance for Indoor Risk During the COVID-19 Pandemic (Gabay para sa Panganib Kapag Nasa Loob ng Gusali sa Panahon ng COVID-19 Pandemic) (may kasamang bibliography) sa [sfcdcp.org/indoorrisk](https://sfcdcp.org/indoorrisk).

### Mga Madalas Itanong

**T.** Maaari bang kumain o uminom ang Mga Tauhan sa sinehan sa oras ng kanilang mga break?

**A.** Dapat kumain ang Mga Tauhan sa labas kung magagawa nila ito nang ligtas pero hindi sila maaaring magpahinga sa mga common area ng sinehan o iba pang lugar ng trabaho gaya ng projection room. Maaaring kumain o uminom ang Mga Tauhan sa break room hangga't mapapanatili ang ligtas na physical distancing, pero lubos na hinihikayat ang pag-iwas sa pagtitipon-tipon sa mga break room kahit na mapapanatili ang distancing. Dapat linisin at i-disinfect ng Mga Tauhan ang lugar kung saan sila nagpahinga.

**T.** Maaari bang pumasok ang mga customer sa sinehan kapag nagsimula na ang pelikula?

**A.** Oo, maaaring pumasok nang huli ang mga customer sa sinehan, pero kung titiyakin lang ng Mga Tauhan ng sinehan na uupo ang mga huling dumating sa kanilang mga nakatalagang upuan at magpapanatili ng sapat na pisikal na distansya mula sa ibang customer sa sinehan.

**T.** Kung maraming bakanteng upuan sa sinehan, maaari bang lumipat ang isang customer sa isang upuan na may sapat na pisikal na distansya sa ibang tao?

**A.** Hindi, hindi maaaring umupo sa alinmang upuan ang mga customer bukod pa sa upuang nakatalaga sa kanila. Dahil dapat gamitin ang mga chart ng upuan kapag nililinis at dini-disinfect ang sinehan, mahalagang may talaan ang operator kung saan nakaupo ang lahat. Dagdag pa rito, kung kakailanganing magsagawa ng imbestigasyon kung mayroon napag-alamang kaso ng customer na positibo sa COVID sa inyong Indoor na Sinehan, maaaring kailanganin ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan na komunsulta sa isang tumpak na chart ng upuan.

**T.** Gaano kadalas namin dapat linisin ang mga lugar?

**A.** I-disinfect ang mga surface na madalas hawakan gaya ng mga hawakan ng pinto, payment machine, counter top, upuan sa banyo, at gripo nang hindi bababa sa isang beses kada oras. Bukod pa sa paglilinis sa mga surface na madalas hawakan sa mga banyo kada oras, linisin at i-disinfect palagi ang mga banyo nang kahit kada apat na oras. Magpaskil ng log ng paglilinis sa kapansin-pansing lugar sa bawat banyo.

**T.** Ano ang halimbawa kung paano gumagana ang mga limitasyon sa kapasidad?

**S.** Kung ang inyong Movie Theater complex ay may kabuuang kapasidad na 2,400 tao at mayroong anim na indibidwal na sinehan, dalawa na may kapasidad na magpaupo ng 100 tao sa bawat isa, dalawa na may kapasidad na magpaupo ng 400 tao sa bawat isa, at dalawa na may kapasidad na magpaupo ng 600 tao sa bawat isa, ipagpalagay na matutugunan ang mga iniaatas na anim na talampakang physical distancing sa lahat ng oras sa pagitan ng mga customer mula sa magkakaibang sambahayan at Mga Tauhan, sa bawat pagkakataon, maaari kayong magkaroon ng (1) hindi hihigit sa 600 customer sa inyong buong pasilidad (25% ng 2,400), (2) hindi hihigit sa 25 customer na nakaupo sa bawat pang-100 taong



sinehan (25% ng 100), (3) hindi hihigit sa 100 customer na nakaupo sa bawat pang-400 taong sinehan (25% ng 400), at (4) at hindi hihigit sa 100 customer na nakaupo sa bawat pang-600 taong sinehan (dahil ang 25% ng 600 ay 150 at lumalampas ito sa 100 customer na limitasyon, 100 customer lang ang maaaring umupo sa mga sinehang iyon).

**T. Mas mapanganib ba *talaga* na manatili sa loob ng mga gusali?**

**A.** Sa pangkalahatan, oo. Kadalasan, mas mapanganib ang isang aktibidad kapag nasa loob ng gusali kaysa kapag nasa labas dahil sa posibilidad ng aerosol transmission kapag nasa loob ng gusali.

**Q. Gaano kamapanganib?**

**S.** Mahirap magkalkula ng mga eksaktong numero pero malinaw ang siyensya: puwedeng maipon ang COVID-19 virus sa loob ng gusali at maraming indibidwal ang puwedeng magkasakit sa loob ng gusali kahit mahigit sa 6 na talampakan ang layo nila sa indibidwal na may sakit.

Nakakadagdag sa panganib sa iyo ang bawat isa sa mga salik na ito: pakikibahagi sa maraming indoor na aktibidad, pananatili indoors kasama ng maraming tao mula sa ibang sambahayan, pag-aalis ng iyong takip sa mukha gaano man kabilis, paglapit sa ibang tao nang may layong wala pang 6 na talampakan, at paglapit sa ibang tao na kumakanta o sumisigaw. Lalo pang nadaragdagan ang panganib sa inyo sa mga aktibidad kung saan magkakasama ang mga salik na ito ng panganib.


**Q. Paano namin mababawasan ang panganib sa mga indoor na aktibidad?**

- Isaalang-alang ang mga potensyal na alternatibo sa labas at sa loob ng bahay
- Maghanap ng mga opsyon para sa outdoors, curbside, delivery, o take out
- Magpasyang huwag makisalamuha sa iba indoors
- Maagang pagplanuhan at pag-isipan ang mga pag-iingat para sa kaligtasan para sa mga indoor na aktibidad
- Limitahan ang iyong grupo sa mga miyembro lang ng sarili mong sambahayan
- Limitahan ang oras na ginugol indoors. Bawasan ang oras sa mga lugar kung saan hindi palaging nagsusuot ng mask
- Maghanap ng mga oras kung saan hindi masyadong abala o siksikan sa lokasyon
- Pumili ng mga lokasyon kung saan mas malalaki ang interior na espasyo at mataas ang mga kisame
- Maghanap ng maayos na bentilasyon, pati ng maayos na sirkulasyon ng hangin kung saan nakabukas ang mga pintuan o bintana
- Huwag pumasok kung hindi nakasuot ng mask at hindi nagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo sa isa't isa ang mga tao
- Mas malaki ang posibilidad kapag kumakanta, sumisigaw, bumabahing, o umuubo: bumalik outdoors kung makikita o maririnig mo ang mga aktibidad na ito indoors
- Tiyaking nagpapanatili ka ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo mula sa iba
- Palaging isuot ang inyong mask.

## Mga Resource

Manatiling updated. Mabilis na nagbabago ang impormasyon. Makikita ang mga kapaki-pakinabang na resource sa:

- San Francisco Department of Public Health (SFDPH)



- <https://www.sfcddcp.org/covid19>
- Mga napi-print na resource gaya ng karatula:
  - <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>
- California Blueprint for a Safer Economy (Plano ng California para sa isang Mas Ligtas na Ekonomiya) na inilabas ng Estado ng California
  - <https://covid19.ca.gov/safer-economy/#reopening-data>
- Gabay sa Industriya Kaugnay ng Covid-19 ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH): Mga Sentro ng Pampamilyang Libangan
  - <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-family-entertainment--en.pdf>
- National Association of Theater Owners: CinemaSafe Voluntary Health & Safety Guidelines for United States Movie Theater Owners (Mga Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng CinemaSafe para sa Mga May-ari ng Sinehan ng United States)
  - <https://www.cinemasafe.org/#guidelines>
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
  - Listahan ng Mga Dokumentong Nagbibigay ng Gabay (puwedeng mahanap)  
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/communication/guidance-list.html>
- Promoting Face Covering-wearing during the COVID-19 pandemic: A POLICYMAKER'S GUIDE (Pagtataguyod sa pagsusuot ng Pantakip sa Mukha sa panahon ng COVID-19 pandemic: ISANG GABAY PARA SA TAGAGAWA NG PATAKARAN)
  - <https://preventepidemics.org/wp-content/uploads/2020/08/Promoting-Face-covering-Wearing-During-COVID-19.pdf>
- Pagkatapos ng pagpapasuri
  - [Booklet na Nagbibigay ng Impormasyon: After your COVID-19 test: What to do while you wait for your test results to prevent the spread of COVID-19 and save lives \(Pagkatapos ng pagpapasuri para sa COVID-19: Ano ang dapat gawin habang naghihintay ka ng iyong mga resulta sa test para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 at makapagligtas ng mga buhay\)](#)